# Checklist sa Pag-aaral/Pagtatasa ng Kakayahan at Kahandaan sa Pagpapatuloy ng Negosyo

Gabay sa Gumagamit

PHILIPPINE PREPAREDNESS PARTNERSHIP
APP ASIAN PREPAREDNESS PARTNERSHIP
adpc

Copyright © 2022 ng Philippine Disaster Resilience Foundation, Inc., Center for Disaster Preparedness, Office of Civil Defense – mga grupong sama-samang kinikilala bilang Philippine Preparedness Partnership (PHILPREP), lokal na platapormang tripartite ng Asian Preparedness Partnership (APP) sa ilalim ng Asian Disaster Preparedness Center (ADPC) na sinusuportahan ng Bill and Melinda Gates Foundation at ng United States Agency for International Development – Bureau of Humanitarian Assistance (USAID-BHA).

**Philippine Disaster Resilience Foundation**
2/F Employee Services Building,
Meralco Compound Ortigas Ave.
Pasig City 1600, Philippines
pdrfcentral@pdrf.org.ph

# Nilalaman


Mga Mensahe Mula sa mga Miyembro ng PHILPREP ........ 1

Tungkol sa Gabay sa Gumagamit ........ 10

Tungkol sa mga Checklist ........ 10

Ano ang Plano sa Pagpapatuloy ng Negosyo? ........ 13

Panuto para sa Checklist sa Pag-aaral/Pagtatasa ng Kakayahan at Kahandaan sa Pagpapatuloy ng Negosyo para sa mga MSME na Mayroong BCP ... 15

Pangkabuuang Pagtatasa ........ 23

Panuto para sa Checklist sa Pag-aaral/Pagtatasa ng Kakayahan at Kahandaan sa Pagpapatuloy ng Negosyo para sa mga MSME na Walang BCP ... 25

Pangkabuuang Pagtatasa ........ 31

Panghuling Salita ........ 32

Useful Links ........ 33

MGA MENSAHE MULA SA MGA MIYEMBRO NG

# Philippine Preparedness Partnership



## Edwin M. Salonga

***Country Program Manager, Philippines***
Asian Disaster Preparedness Center (ADPC)

Isang indikasyon ng isang umuunlad na ekonomiyang lokal ang presensya ng isang masiglang sektor ng micro, small, at medium enterprise (MSME). Mahalaga ang bahaging ginagampanan nito sa pag-unlad ng ekonomiya ng Pilipinas bilang nagbibigay ito ng trabaho at pinasisigla ang ekonomikong kaunlaran, lalo na sa malalayong mga lugar. Noong 2020, ang mga MSME ang bumubuo sa 99.51% ng lahat ng negosyo sa Pilipinas na siyang nagbibigay ng 62.66% ng kabuuang trabaho sa Pilipinas. Gayunpaman, dahil sa mas mababang kakayahan kumpara sa mga mas malalaking kumpanya, mas pinapasan ng mga MSME ang bigat dulot ng mga sakuna.

Binibigyang-diin ng patuloy na COVID-19 pandemic ang pangangailangang magkaroon ang mga negosyo ng mekanismo na magsisiguro ng pagpapatuloy ng mga gawain para sila ay mas makapaghanda para, tumugon sa, at makabangon mula sa mga pagkaantalang dulot ng mga bantang panganib (hazards), gawa man ito ng kalikasan o ng tao. Layunin ng MSME Business Continuity Plan (BCP) Capability and Readiness Assessment Checklist na itong makatulong sa mga may-ari at nangangasiwa ng mga MSME na masiguro ang pagpapatuloy ng negosyo kapag dumating ang sakuna. Bukod dito, sinisikap ng Checklist na itaguyod at ipalaganap ang pagpapatuloy ng negosyo at mga proseso nito tungo sa pagbubuo ng business resilience.

Bilang Secretariat ng Asian Preparedness Partnership (APP), binibigyang-papuri ng Asian Disaster Preparedness Center (ADPC) ang mga indibidwal at mga organisasyon na bumuo ng MSME BCP Capability and Readiness Assessment Checklist na ito. Buo ang aming suporta sa mga gawain ng Philippine Preparedness Partnership (PHILPREP) na palakasin ang kapasidad ng mga MSME tungo sa pagkamit ng institusyonal at pampamayanang resilience. Dapat nating ipagpatuloy ang ating pagtutulungan sa pagbubuo ng mas ligtas, disaster-resilient at climate change-adaptive (kayang umangkop sa pagbabago ng klima) na mga sektor at pamayanan sa Pilipinas.



## Loreine B. Dela Cruz
***Executive Director***
Center for Disaster Preparedness (CDP)

Ang sektor ng MSME sa Pilipinas ang bumubuo sa 99.56% ng kabuuang bilang ng mga rehistradong negosyo at nagbibigay ng trabaho sa 63.19% ng kabuuang lakas paggawa. May mahalagang gampanin din ang sektor sa pagsusulong ng pang-ekonomiyang pag-unlad, trabaho, kalakalan, at inobasyon. Dagdag pa rito, isa sa pangunahing stakeholder ang sektor ng MSME sa pagbibigay ng mga kalakal at kritikal na serbisyo sa mga apektadong pamayanan gayundin sa pagtulong sa proseso ng pagbangon sa panahon ng sakuna. Gayunmapaman, patuloy pa ring nabibilang ang mga MSME sa mga sektor na pinakamahihina dahil sa mga bantang panganib na dulot ng kalikasan at ng tao.

Para suportahan ang mahalagang gampanin ng mga MSME sa pagtugon sa sakuna at kabuuang pag-unlad ng bansa, kinakailangang siguruhin ang patuloy nitong operasyon anuman ang sitwasyon. Ang MSME BCP Capability and Readiness Assessment Checklist ay sinadya bilang isang gabay para matulungan ang mga MSME tungo sa paggawa at pagtapos ng plano sa pagpapatuloy ng negosyo (Business Continuity Plan) o pagpapabuti ng kasalukuyang plano na siyang ginawa sa pamamagitan ng matinding konsultasyon kasama ang mga local partner at may malalim na pagunawa sa mga hamon ng sektor, tulad ng kakulangan sa kinikita, mahigpit na daloy ng pera, kakulangan sa kakayahang humingi at magbayad ng mga utang, habang humaharap sa lumalalang epekto ng patung-patong na mga sakuna. Sa pamamagitan ng pagsisiguro na ang mga lokal na negosyo ay mananatili sa harap ng mga sakuna at kalamidad, mababawasan ng mga pamayanan ang mga epekto nito at mas mabuting makatatayo muli (build back better).




## Undersecretary Ricardo B. Jalad

***Administrator***, Office of Civil Defense (OCD)
***Executive Director***, National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC)

Ang Micro, Small and Medium Enterprise Business Continuity Plan Capability and Readiness Assessment Checklist na ito ay isa na namang produktong pangkaalaman na naisakatuparan sa pamamagitan ng pagtutulungan ng iba't ibang ahensya at organisasyon sa ilalim ng Asian Preparedness Partnership – Philippine Preparedness Partnership (APP-PhilPrep). Nagsisilbi ang gabay na ito bilang tulong sa mga may-ari at tagapangasiwa ng MSME na sagutin ang business continuity capability and the readiness assessment checklist, gamit ang sariling kakayahan.

Binabati natin ang project team at mga organisasyong nagtulung-tulong upang maisilang ang napakahalagang dokumentong ito. Isa na naman itong pruweba ng bisa ng pagtutulungan ng iba't ibang sektor sa pagpapaunlad ng mga paraan at kasangkapan na naglalayong palakasin ang ating sistema ng disaster risk reduction and management (DRRM) sa pamamagitan ng pagpapalakas ng kapasidad ng mga sektor na may kritikal na bahagi sa pagsusulong tungo sa resilience at progreso ng bansa.

Sinisiguro namin sa aming mga partner na ang National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC), kasama ang Office of Civil Defense, ay patuloy na susuporta sa lahat ng pagsisikap para pangalagaan ang kapakanan ng ating mga mamamayan, lalo na ng mga mahihina, laban sa mga bantang panganib at sakuna.

Nawa'y magsilbing inspirasyon at pag-udyok ang napakahalagang dokumentong ito sa mga MSME na walang humpay na sumuporta sa mga pagsisikap na siguruhing matatag at resilient ang kanilang mga organisasyon, bilang bahagi ng kanilang kontribusyon sa pambansang pagsisikap na bumuo ng ligtas, nababagay, resilient, at masaganang pamayanang Pilipino.

Mabuhay!



## Rene S. Meily

***Pangulo***

Philippine Disaster Resilience Foundation (PDRF)

Ang mga MSME ang pulso ng ekonomiya ng Pilipinas at isa rin sa mga pinakamahihina sa iba't ibang mga bantang panganib. Isa sa mga paraan upang mapabuti ang kanilang kahandaan ay ang pagbubuo ng isang plano sa pagpapatuloy ng negosyo (Business Continuity Plan). Sisiguruhin ng planong ito na sila ay magiging handa sa mga emergency at makapaghatid ng mga produkto at serbisyo sa kalagitnaan ng isang krisis.

Ang MSME BCP Capability and Readiness Assessment Checklist ay isang simple at praktikal na gabay para sa mga negosyante na pag-aralan ang bisa ng kanilang mga BCP. Layunin ng instrumentong hindi lamang makatulong sa mga MSME, kundi pati na rin sa mga organisasyong bumubuo ng mga programa para sila ay suportahan. Layunin din ng checklist ang pag-aralan at suriin ang kalidad ng mga BCP at ang epekto nito sa mga programa at tulong panteknikal. Ang mga datos na nalikom ang magpapaalam sa mga desisyon ng mga nagpapagana ng kahandaan ng MSME, sa kanilang paglikha ng mga susunod na gawain.

Ang Philippine Disaster Resilience Foundation (PDRF) at iba pang myembro ng Philippine Preparedness Partnership (PHILPREP) ay nagtulungan sa pagbabalangkas ng instrumento para mapalakas ang resilience ng MSME sa lahat ng banta at tulungan sila sa pagbubukas ng kanilang mga negosyo. Kung tayo ay magtutulungan, tayo ay may oportunidad na protektahan ang mga MSME at bigyan ang mga naapektuhan ng sakuna ng pagkakataon na buohin muli ang kanilang mga buhay at ibangon ang kanilang kinabukasan.



**Dr. Alfredo Mahar Francisco A. Lagmay**
***Executive Director***
University of the Philippines Resilience Institute (UPRI)

Nakikisama ang University of the Philippines Resilience Institute sa Philippine Disaster Resilience Foundation sa pagdiriwang ng paglulunsad ng praktikal na kaalaman sa pamamagitan ng paglalathala ng mga instrumentong magagamit ng aming mga katrabaho sa pagpapalakas ng muling pagbubuo ng mga negosyo at pamayanang apektado ng mga sakuna.

Ang pagkawala ng kabuhayan ay isa sa mga pagkawasak na maaaring maranasan ng isang pamayanan tuwing may sakuna. Kaya naman, kinakailangang may mga sistemang nakahanda para masigurong magpapatuloy ang negosyo gaya ng dati o mabilis na maipanumbalik para makapagbigay ng kinakailangang mga serbisyo sa pamayanang tinamaan ng sakuna at masimulang muli ang kanilang ekonomiya. Nagsisilbi ang Business Continuity Capability and Readiness Assessment Checklist hindi lamang bilang isang pagsusuri ng kasalukuyang Business Continuity Plan (BCP) ng isang negosyo, kundi ang magsilbing gabay sa mga negosyo sa pagbubuo nito. Sa pamamagitan ng instrumento, ang mga MSME, na mahina sa mga sakuna ngunit nagpapahusay ng mga bahagi ng ekonomiya ng pamayanan, ay mabibigyan ng kaalaman at masusuportahan ng mga istrukturang magsusulong ng resilience sa mga sakuna.

Pagbati sa PDRF at Philippine Preparedness Partnership para sa kanilang suporta.

# TUNGKOL SA GABAY SA GUMAGAMIT

Ang Gabay na ito na nahahati sa dalawang bahagi ay nilimbag para makatulong sa mga nagmamay-ari at nangangasiwa ng mga Micro, Small, at Medium Enterprise (MSME) na matupad ang nilalaman ng Checklist sa Pag-aaral/Pagtatasa ng Kakayahan at Kahandaan sa Pagpapatuloy ng Negosyo, gamit ang sariling kakayahan. Ang unang bahagi ay sinadya para sa mga MSME na mayroon nang plano sa pagpapatuloy ng negosyo (Business Continuity Plan), habang ang ikalawang bahagi naman ay para sa mga wala pa nito.

# TUNGKOL SA MGA CHECKLIST

Ang pagbabalangkas sa mga nilalaman ng checklist ay hinggil sa agham ayon sa resulta ng pananaliksik na isinagawa ng Social Development Research Center ng De La Salle University-Manila. Ang nasabing pananaliksik ay kinasangkutan ng mga panayam sa mga piling MSME mula Luzon, Visayas, at Mindanano na nakaranas ng mga sakuna at pangyayaring di inaasahan sa nakaraan. Nagkaroon din ng mga panayam sa mga pangunahing kinatawan ng lokal na disaster risk reduction management officers at Kagawaran ng Kalakalan at Industriya (Department of Trade and Industry). Nagsagawa rin ng dalawang validation workshops para makakuha ng katugunan at mungkahi para mas paghusayan ang nasabing instrumento. Dagdag pa rito, ang checklist ay ipinaikot sa mga partner ng PDRF para makakalap ng mga komento. Ang manual na ito ay naglalaman ng mga panuto sa pagtupad sa mga checklist. Gayundin, naglalaman din ito ng paggagrado at pagbibigay-kahulugan sa mga resulta.

Ang Pagaaral/Pagtatasa sa Kakayahan at Kahandaan sa Pagpapatuloy ng Negosyo ay may dalawang layunin. Para sa mga mayroon nang plano sa pagpapatuloy ng negosyo, ang instrumento ay magsisilbing internal na pag-audit at pagsusuri ng kalidad ng mga nilalaman, proseso, pamamaraan, at protokol na sinusunod ng mga MSME para masiguro ang pagpapatuloy ng negosyo pagkatapos ng sakuna. Ang Checklist ay magsisilbi ring gabay sa pagpapabuti pa lalo ng plano.

Ang isa pang layunin ay may kaugnayan sa mga MSME na wala pang plano sa pagpapatuloy ng negosyo. Makatutulong ang Checklist sa pagtatasa ng kanilang kahandaan sa pagbuo ng sarili nilang plano, at siyang magsisilbi ring listahan ng mga protokol, pamamaraan, at proseso na maaari nilang gamitin kung ito ay wala pa sa organisasyon.

## Nakapaloob sa pansariling pagtatasa (self-assessment) ang 10 Cs sa pangangasiwa ng pagpapatuloy ng negosyo (Business Continuity Management). Ang mga elemento ay natukoy batay sa desk review at pagkalap ng mga pangunahing datos.

1

**Mga Nakasanayan:** Ito ay tumutukoy sa mga naitalang modelo, balangkas (framework), pamantayan (norms), protokol, patakaran, at proseso (hal. BIA, pag-aaral ng mga kinakaharap na panganib (risk analysis)) na ginagamit para masigurong ang plano sa pagpapatuloy ng negosyong isasagawa ay tumutugon sa mga pamantayan ng kalidad (quality standards). Gayundin, ang plano ay kailangang naaalinsunod sa mga prinsipyo at mission-vision ng mga MSME. Nakapaloob din dito ang kaalaman at pagpapahalaga ng mga MSME sa Plano sa Pagpapatuloy ng Negosyo.

2

**Mga Kalagayan:** Kasangkot dito ang pagkakaroon ng daan para makakuha ng mga impormasyon tungkol sa sakuna, pagtukoy ng mga kritikal na aspeto ng mga operasyon na kailangang magpatuloy o maibalik batay sa mga dapat unahin, pagtatasa ng mga epekto ng sakuna na may kaugnayan sa negosyo, mga sakunang posible at naranasan nang mangyari, at pagsasagawa ng palagiang inspeksyon sa lugar ng negosyo.

3

**Mga Mamimili:** Ito ay nauugnay sa paghahanda ng telephone directory ng mga mamimili, pati na rin ng mga patakaran at mekanismo na magsisigurong ligtas ang mga mamimili kapag nangyari ang mga sakuna, kaganapan, at shocks (gawa man ng tao o iba pa) sa oras ng trabaho o negosyo.

4

**Mga Manggagawa:** Ito ay tungkol sa: pagtukoy ng kampyeon ng Plano sa Pagpapatuloy ng Negosyo o mga taong nakatuon na isagawa ang Plano, pagpapanatili ng telephone directory ng mga manggagawa at kanilang kapamilya, sistemang nagsisiguro na ang kanilang yamang-tao (human resources) ay makapagbibigay ng backup na may kapantay na antas ng kakayahan kapag hindi kaya ng mga manggagawang pumasok, pagtukoy ng mga tungkulin ng iba't ibang manggagawa, talakayan ng mga manggagawa at kanilang employer tungkol sa Plano sa Pagpapatuloy ng Negosyo, mekanismong magsisiguro ng proteksyon at kaligtasan ng mga manggagawa, lalo na sa panahon ng sakuna, at pagsasanay at oryentasyon tungkol sa nilalaman ng Plano sa Pagpapatuloy ng Negosyo.

5

**Mga Gastos:** Nakapaloob dito ang pagkakaroon ng mga MSME ng insurance para sa mga sakuna at pandemya, isang klarong mekanismo para mailigtas ang negosyo sa oras ng emergency hindi lamang para sa isang sakuna, kundi pati na rin sa susunod na posibleng sakuna, kakayahan ng mga MSME na tukuyin ang mga tao, indibidwal, at pautangan kung saan sila ay makakahiram ng salapi, at listahan ng suporta mula sa pamahalaan na maaaring malapitan.

6

**Chains:** Ito ay tumutukoy sa pagkakaroon ng alternatibong mapagkukunan ng raw materials, kakayahang alamin ang mga kinakailangan sa demand chain transportation, pagmamay-ari ng mga ari-ariang pantransportasyon na makatutulong sa paghatid ng mga produkto at serbisyo kapag hindi posible ang harapang transaksyon, at kakayahan ng mga partner at mga supplier na maghatid o magdala ng mga kagamitan sa lugar ng iyong negosyo.

7

**Mga Kontrol:** Ito ay mga mekanismo ng control na sinisiguradong ligtas at iwas sa aksidente, kakayahang makalipat sa work-from-home arrangement (pagtatrabaho sa bahay), pagkakaroon ng pangkaligtasang protokol tulad ng mga palatandaan at paunawa, kakayahang makapaghanda ng karagdagang kopya ng mahahalagang dokumento na nakatago sa ibang lokasyon, isang sistemang nagsisiguro ng kontrol sa pag-iimbak at iba pang insidenteng maaaring mangyari pagkatapos ng sakuna, at kakayahan ng kumpanya na makakuha o makabili ng mga gamut, bakuna, at iba pang serbisyong pangkalusugan para sa mga tauhan at may-ari ng negosyo.

8

**Pakikipagtulungan:** Sinusukat nito ang kakayahan ng MSME na makipagsosyo sa ibang negosyo sa pamamagitan ng mga samahan, pagkakaroon ng Plano sa Pagpapatuloy ng Negosyo ng mga kasosyo at mga supplier, at kakayahang iparating ang pangangailangan ng mga Plano sa Pagpapatuloy ng Negosyo sa iba pang mga kapit-bahay na establisiyimento.

9

**Kapasidad o Kakayahan:** Kinakailangang ang mga Plano sa Pagpapatuloy ng Negosyo ay mayroong listahan ng mga ari-arian (o assets), tulad ng mga suplay pangmedikal, medical and hygiene kits, gamit sa paglilinis, at iba pang kagamitang magsisiguro ng kaligtasan sa lugar ng trabaho, pagmamay-ari ng mga imprastrukturang

makapagpapanatili tulad ng generator set, isang sistema o kaayusang magpapahintulot sa MSME na iantala ang pagbabayad o magkaroon ng makatwirang tuntunin sa mga supplier, may-ari ng lupa (para sa mga rumerenta), at utility companies, kakayahang gumamit ng datos tungkol sa financial performance bago, habang, at pagkatapos ng sakuna para sa pagdedesisyong ayon sa ebidensya, isang plano sa pagtatasa para masigurong gumagana ang Plano sa Pagpapatuloy ng Negosyo, at pagtatala ng mga epekto ng nakaraang mga sakuna sa negosyo.

10

**Pagangkop:** Ito ay ang kakayahan ng mga MSME na ibangon at ipagpatuloy ang negosyo sa pamamagitan ng pagtukoy ng alternatibong lugar o satellite sites na maaaring gamitin sa oras ng pagkaantala sa pangunahing lugar ng negosyo, pagmamay-ari ng hiwalay na lugar na maaaring gamitin pansamantala kung may sakuna/pandemyang aantala sa negosyo, at kakayahang lumipat at gumamit ng ibang paraan sa linya ng suplay at demand, tulad ng pagbebenta online at direktang paghahatid.

## Ano ang **Plano sa Pagpapatuloy ng Negosyo** (Business Continuity Plan)?

"Isang planong tumutukoy sa patakaran, sistema, pamamaraan, atbp. na siyang makatutulong sa negosyong makaiwas sa pagtigil o mabilis na makabangon kung ito ay maaantala, kahit na may mangyaring walang katiyakan, tulad ng mga sakunang dulot ng kalikasan (hal. lindol), lubos na nakahahawang pandemya, gawaing terorismo, malubhang aksidente, pagkaantala sa linya ng suplay at biglaang pagbabago sa sitwasyon ng pagnenegosyo." *(Business Continuity Framework ng Pamahalaan ng Japan)*



# Panuto para sa Checklist sa Pag-aaral/Pagtatasa ng Kakayahan at Kahandaan sa Pagpapatuloy ng Negosyo para sa mga MSME **na Mayroong BCP**

# PANUTO

Ang Checklist ay maaaring sagutan ng may-ari or tagapangasiwa ng MSME. Ngunit, para ito ay may pakikilahok, ang Checklist na ito ay maaari ring sagutan bilang isang pangkat na kinabibilangan ng may-ari ng MSME, tagapangasiwa, at mga tauhan o empleyado. Ang Checklist na ito ay may 64 na aytem. Titiyakin nito kung ang mga pamamaraan, protokol, at mapagkukunang-yaman ay: a) naroroon (nakumpleto), 2) nasa proseso pa ng pagkumpleto (isinasagawa); o 3) wala. Ang mga aytem na nakumpleto ay makakukuha ng 2 puntos, habang ang mga aytem na namarkahang isinasagawa pa lamang ay mabibigyan ng 1 puntos. Ang mga aytem na wala pa ay hindi bibigyan ng puntos.

| | |
|---|---|
| **Nakumpleto** | 2 |
| **Isinasagawa** | 1 |
| **Wala** | 0 |

Basahin ang bawat aytem at markahan ng ✓ ang angkop na kahon na sumasalamin sa aktuwal na kalagayan ng iba't ibang pamamaraan, protokol, at mapagkukunang-yaman para sa Plano sa Pagpapatuloy ng Negosyo (Business Continuity Plan o BCP). Dagdag pa rito, ilagay ang puntos ng bawat aytem sa huling hanay (tignan ang sumusunod na halimbawa). Pagkatapos, sumahin ang mga puntos. Ang talaan ng paggrado at talaan ng paliwanag ay nakalahad sa dulo ng checklist para iyong mas maintindihan ang iyong grado.

### Halimbawa:

| Mga Aytem | Kalagayan | | | Puntos |
|---|---|---|---|---|
| | Nakumpleto | Isinasagawa | Wala | |
| **Mga Nakasanayan (Conventions)** | | | | |
| 1. Ang inyo bang BCP ay may nilalamang protokol na magsisigurong hindi maipapasa ang virus sa loob ng inyong lugar ng negosyo/establisiyimento? | ✓ | | | 2 |
| 2. Ang inyo bang BCP ay may nilalamang protokol na magsisigurong ang inyong kumpanya o negosyo ay makababangon pagkatapos ang bagyo? | | ✓ | | 1 |
| 3. Ang inyo bang BCP ay may nilalamang protokol na magsisigurong ang inyong kumpanya o negosyo ay makababangon pagkatapos ang pagbaha? | | | ✓ | 0 |

| Mga Aytem | Kalagayan | | | Puntos |
|---|---|---|---|---|
| | Nakumpleto | Isinasagawa | Wala | |
| **Mga Nakasanayan (Conventions)** | | | | |
| 1. Ang inyo bang BCP ay may nilalamang protokol na magsisigurong hindi maipapasa ang virus sa loob ng inyong lugar ng negosyo/establisyimento? | | | | |
| 2. Ang inyo bang BCP ay may nilalamang protokol na magsisigurong ang inyong kumpanya o negosyo ay makababangon pagkatapos ang bagyo? | | | | |
| 3. Ang inyo bang BCP ay may nilalamang protokol na magsisigurong ang inyong kumpanya o negosyo ay makababangon pagkatapos ang pagbaha? | | | | |
| 4. Ang inyo bang BCP ay may nilalamang protokol na magsisigurong ang inyong kumpanya o negosyo ay makababangon pagkatapos ang paglindol? | | | | |
| 5. Ang inyo bang BCP ay may nilalamang protokol na magsisigurong ang inyong kumpanya o negosyo ay makababangon pagkatapos ang sunog? | | | | |
| 6. Ang inyo bang BCP ay may nilalamang protokol na magsisigurong ang inyong kumpanya o negosyo ay makababangon pagkatapos ang pandemya/endemiko/epidemya? | | | | |
| 7. Ang inyo bang BCP ay may nilalamang protokol na magsisigurong ang inyong kumpanya o negosyo ay makababangon pagkatapos ang pagsabog ng bulkan? (Kung sa iyong tingin ay hindi ito naaangkop, iwanang blangko ito.) | | | | |
| 8. Ang inyo bang lokal na pamahalaan ay may framework o gabay sa pagpapatuloy ng negosyo (business continuity framework or guide)? | | | | |
| 9. Ang inyo bang BCP ay may nilalamang isinasagawa nang protokol na magpapadaloy ng pagbalik sa trabaho sa oras na ang kumpanya/negosyo ay nakabangon na mula sa sakuna/pandemya? | | | | |

| Mga Aytem | Kalagayan | | | Puntos |
|---|---|---|---|---|
| | Nakumpleto | Isinasagawa | Wala | |
| 10. Kayo ba ay nagsasagawa ng Pagsusuri ng Epekto sa Negosyo (Business Impact Analysis)? | | | | |
| 11. Itinuturing mo bang kapaki-pakinabang ang BCP sa inyong kumpanya o negosyo? | | | | |
| 12. Alam mo ba ang bumubuo sa isang BCP? | | | | |
| 13. Ang inyo bang kumpanya ay may sariling pagpapakahulugan at/o pagbibigkas sa konsepto ng pagpapatuloy ng negosyo (business continuity)? | | | | |
| 14. Kayo ba ay may sapat na kasanayan para magsagawa ng qualitative at quantitative na pananaliksik sa pagsusuri ng epekto sa negosyo (business impact analysis) at pagtatasa ng kinakaharap na panganib (risk assessment)? | | | | |
| 15. Kayo ba ay may sistema sa pagligtas ng mga mahahalagang dokumentong pangnegosyo kung may dumating na sakuna? | | | | |
| 16. Kayo ba ay nagsasagawa ng mga pagsusuri o pag-update ng BCP (hal. taun-taon o kung kinakailangan pagkatapos ng sakuna) para sa patuloy na pagpapabuti nito? | | | | |
| 17. Regular (hal. taun-taon) ba ninyong sinusubok o sinasanay ang inyong BCP? | | | | |
| 18. Ang inyo bang BCP ay ginagabayan ng o bahagi ng isang mas malawak na Pangangasiwa sa Pagpapatuloy ng Negosyo (Business Continuity Management)? | | | | |
| **Mga Kalagayan (Conditions)** | | | | |
| 19. Kayo ba ay may mapagkukuhanan ng mga datos kaugnay sa iba't ibang kahinaan (vulnerabilities) at bantang panganib (hazards) sa inyong lugar? | | | | |
| 20. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng listahan ng mga posibleng sakuna at bantang panganib sa inyong negosyo? | | | | |

| Mga Aytem | Kalagayan | | | Puntos |
|---|---|---|---|---|
| | Nakumpleto | Isinasagawa | Wala | |
| 21. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng listahan ng mga kritikal na aspeto ng operasyon na dapat magpatuloy or maibalik batay sa priyoridad? | | | | |
| 22. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng mga pagtatasa/pag-aaral ng mga epekto ng sakuna sa inyong negosyo? | | | | |
| 23. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng mga pagtatasa/pag-aaral ng mga kinakaharap na panganib (risks) bunga ng mga sakuna o pandemya? | | | | |
| 24. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng listahan ng mga posibleng kinakaharap na panganib na maaaring makaapekto sa inyong negosyo bilang bunga ng pandemya o sakuna? | | | | |
| 25. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng kundisyon sa pagsusuri ng gusali, lugar ng produksyon, o establisiyimento para sa mga posibleng pinsala bunga ng isang sakuna? | | | | |
| **Mga Mamimili (Customers)** | | | | |
| 26. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng direktoryo ng inyong tapat na mamimili o suki? | | | | |
| 27. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng mekanismo o patakaran na magsisigurong ang inyong mga mamimili ay protektado kapag may sakunang maganap habang oras ng pagnenegosyo? | | | | |
| **Mga Manggagawa (Crews)** | | | | |
| 28. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng listahan ng (mga) naatasang tauhang responsable sa kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho? | | | | |
| 29. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng listahan ng (mga) naatasang tauhang may kakayahang magsilbing tagapangasiwa ng sakuna/pandemya? | | | | |

| Mga Aytem | Kalagayan | | | Puntos |
|---|---|---|---|---|
| | Nakumpleto | Isinasagawa | Wala | |
| 30. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng mga telephone number o listahan ng mga tirahan (o isang communication tree) na may impormasyon tungkol sa numero ng mga empleyado at kanilang mga kapamilya, kung sakaling may emergency? | | | | |
| 31. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng sistemang magsisigurong kayo ay may sapat na yamang-tao (human resource) na maaaring humalili na may kapantay na antas ng kakayahan, sakaling may pagliban bilang bunga ng pandemya/ sakuna? | | | | |
| 32. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng listahan ng mga empleyadong may kakayahang magsakatuparan ng mga gawaing nakalatag sa inyong Plano sa Pagpapatuloy ng Negosyo? | | | | |
| 33. Pinaguusapan ba ninyo ang BCP kasama ang inyong mga empleyado? | | | | |
| 34. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng mekanismo o patakaran na magsisigurong ang inyong mga manggagawa ay protektado habang may sakunang nangyayari sa oras ng trabaho? | | | | |
| 35. Pinadadaan niyo ba sa pagsasanay ang inyong mga empleyado at manggagawa sa nilalaman ng inyong BCP? | | | | |
| 36. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng plano para sa pagliban dulot ng sakuna at pagpapautang pansweldo at pang-emergency? | | | | |
| **Mga Gastos (Cost)** | | | | |
| 37. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng insurance para sa inyong negosyo? | | | | |
| 38. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng mekanismo sa pag-iimpok/pag-iipon, kung sakaling may emergency? | | | | |

| Mga Aytem | Kalagayan | | | Puntos |
|---|---|---|---|---|
| | Nakumpleto | Isinasagawa | Wala | |
| 39. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng listahan ng mga tao/institusyong maaaring utangan para maipagpatuloy ang negosyo? | | | | |
| 40. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng listahan ng mapagkukunan ng suportang mula sa pamahalaan (hal. suportang pampinansyal) na maaaring magamit sa oras ng sakuna/pandemya? | | | | |
| **Chains** | | | | |
| 41. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng listahan ng alternatibong mapagkukunan o supplier ng raw materials sakaling ang inyong orihinal na mapagkukunan ay hindi na makapagbibigay nito? | | | | |
| 42. Ang inyo bang BCP ang naglalaman ng impormasyon tungkol sa alternatibong paraan para maghatid ng kalakal sa inyong mga mamimili? | | | | |
| 43. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng listahan ng mga ari-ariang pantransportasyong magpapahintulot sa inyong maghatid ng mga kalakal at serbisyo? | | | | |
| 44. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng impormasyong may kaugnayan sa kakayahan ng inyong mga kasosyo o mga supplier na makapaghatid ng mga raw materials sa inyo? | | | | |
| **Mga Kontrol (Controls)** | | | | |
| 45. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng plano sa pagpapatupad ng trabaho mula sa bahay (work-from-home) kapag hindi posible ang pagpunta sa lugar ng trabaho? | | | | |
| 46. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng pagbibigay ng palatandaan (signages) ng pangkaligtasang protokol sa loob at labas ng inyong tindahan/lugar ng negosyo? | | | | |

| Mga Aytem | Kalagayan | | | Puntos |
|---|---|---|---|---|
| | Nakumpleto | Isinasagawa | Wala | |
| 47. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng mekanismo para maghanda ng dagdag na kopya ng mga importanteng dokumentong pangnegosyo na nakatago sa hiwalay na lokasyon? | | | | |
| 48. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng sistemang magsisigurong ang inyong mga kliyente/mamimili ay hindi pipiliing mag-imbak (hoarding)? | | | | |
| 49. Kayo ba ay may protokol para sa pagtugon sa mga aksidente o kaguluhang maaaring maganap sa inyong lugar ng negosyo? | | | | |
| 50. Ang inyo bang mga empleyado ay may mga HMO (Health Maintenance Organizations)? | | | | |
| 51. Ang inyo bang kumpanya ay may paraang makapagpabakuna, o kaya ba nitong mapadali ang pagpapabakuna, o may kakayahan ba itong bumili ng bakuna para sa mga empleyado? | | | | |
| **Pakikipagtulungan (Collaborations)** | | | | |
| 52. Kayo ba ay bahagi ng kahit anong samahan o asosasyon ng mga negosyo (hal. chamber, MSME organizations)? | | | | |
| 53. Ang inyo bang mga kasosyo o suppliers sa negosyo ay may sariling plano sa pagpapatuloy ng negosyo (business continuity plan)? | | | | |
| 54. Kayo ba ay nakikipagusap sa inyong mga karatig na establisyimento para sila'y kumbinsihin na kailangan din nila ng mga panukala at hakbang para tumugon o makaiwas sa sakuna? | | | | |
| **Kapasidad o Kakayahan (Capacity)** | | | | |
| 55. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng listahan ng mga ari-arian, tulad ng suplay pangmedikal, medical and hygiene kits, gamit panlinis at iba pang kagamitang magsisiguro ng kaligtasan sa lugar ng trabaho? | | | | |

| Mga Aytem | Kalagayan | | | Puntos |
|---|---|---|---|---|
| | Nakumpleto | Isinasagawa | Wala | |
| 56. Ang inyo bang negosyo ay may sariling generator set? | | | | |
| 57. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng sistema at pagsasaayos na makapagpapahintulot sa inyong iantala ang pagbabayad o magsaayos ng makatwirang tuntunin sa inyong mga supplier, may-ari ng lupa (para sa mga nagrerenta), at utility companies? | | | | |
| 58. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng sistema o pagsasaayos na makapagpapahintulot sa inyong iantala ang pagbabayad o magsaayos ng makatwirang tuntunin sa inyong mga kliyente o mamimili? | | | | |
| 59. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng datos tungkol sa financial performance bago, habang, at pagkatapos maapektuhan ng sakuna ang inyong negosyo? | | | | |
| 60. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng plano sa pagtatasa (assessment plan) para sa pagpapagana ng inyong BCP? | | | | |
| 61. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng pagtatala ng mga epekto ng nakaraang mga sakuna sa inyong negosyo? | | | | |
| **Pagangkop (Coping)** | | | | |
| 62. Ang inyo bang BCP ay naglalaman ng listahan ng mga alternatibong lugar o satellite sites na kasalukuyang ginagamit para sa iyong negosyo? | | | | |
| 63. Kayo ba ay may potensyal na lugar na maaaring gamitin sakaling ang inyong kasalukuyang lokasyon ay pansamantalang di magagamit bunga ng pandemya/sakuna? | | | | |
| 64. Sa iyong palagay, kaya bang ilipat sa online ang mga operasyon ng inyong negosyo sakaling ang harapang pakikipag-ugnayan ay hindi pinapayagan (kinakailangan ang social distancing)? | | | | |
| **Kabuuang Puntos** | | | | |

## Paggrado

| Grado | Antas | Kahulugan |
|---|---|---|
| 1-32 | **Nagsisimula** *(yugto ng pagsusuri at pagbubuo)* | Ang plano ay halos hindi naglalaman ng mga pamamaraan, proseso, at mapagkukunang-yaman na kinakailangan para maipagpatuloy ang negosyo pagkatapos ng isang sakuna. Ito ay nangangahulugang ang organisasyon/kumpanya ay maaaring dumanas ng paghihirap sa pagbangon at sa pagpapatuloy ng operasyon pagkatapos ang isang sakuna. |
| 33-64 | **Bumubuo** *(yugto ng pagsusuri at pagbubuo)* | Ang plano ay naglalaman ng ilang mga pamamaraan, proseso, protokol, at mapagkukunang-yaman para ang negosyo ay magpatuloy sa operasyon nito pagkatapos ang isang sakuna. Gayunpaman, kinakailangan ng organisasyong pagbutihin pa ang plano sa pagpapatuloy ng negosyo para ito ay maging sapat. |
| 65-96 | **Nakatapos** *(yugto ng pagtuturo)* | Ang plano ay naglalaman ng karamihan sa mga pamamaraan, proseso, protokol, at mapagkukunang-yaman para ang negosyo magpatuloy sa operasyon nito pagkatapos ang isang sakuna. Gayunpaman, kinakailangan ng organisasyong pagbutihin pa ang plano sa pagpapatuloy ng negosyo para ito ay maging sapat. |
| 97 pataas | **Huwaran** *(yugto ng pagsasanay at* pagsusubok) | Ang plano ay naglalaman ng halos lahat, kung hindi lahat, ng mga pamamaraan, proseso, protokol, at mapagkukunang-yaman para ang negosyo ay magpatuloy sa operasyon nito pagkatapos ang isang sakuna. Makatutulong ito sa kumpanya/organisasyong magpatuloy ng mga operasyon sa lalong madaling panahon pagkatapos ang isang sakuna |

## PANGKABUUANG PAGTATASA

- Kung ang iyong grado ay nasa gitna ng 1 at 64, lubos na ipinapayong kayo ay sumailalim sa pagsasanay tungkol sa paggawa ng isang plano sa pagpapatuloy ng negosyo. Maaaring sumangguni sa Kagawaran ng Kalakalan at Industriya (Department of Trade and Industry) o sa Philippine Disaster Resilience Foundation para sa karampatang gawaing pangunlad ng kakayahan at pagsasanay.
- Kung ang iyong grado ay nasa gitna ng 65 at 96, ito ay nangangahulugang ang iyong kasalukuyang plano sa pagpapatuloy ng negosyo ay naglalaman ng karamihan sa mga elementong kinakailangan dito. Gayunpaman, ang inyong organisasyon/kumpanya ay nangangailangang magsama ng mga pamamaraan, proseso, at protokol na kulang pa.
- Kung ang iyong grado ay 97 pataas, ang inyong BCP ay alinsunod sa pamantayan. Gayunpaman, ang mga aytem na may sagot na “isinasagawa” o “wala” ay nangangahulugang kailangan itong maisagawa sa lalong madaling panahon para maging komprehensibo ang inyong BCP hangga’t maaari.

# Panuto para sa Checklist sa Pag-aaral/Pagtatasa ng Kakayahan at Kahandaan sa Pagpapatuloy ng Negosyo para sa mga MSME **na Walang BCP**

# PANUTO

Ang Checklist ay maaaring sagutan ng may-ari or tagapangasiwa ng MSME. Ngunit, para ito ay may pakikilahok, ang Checklist na ito ay maaari ring sagutan bilang isang pangkat na kinabibilangan ng may-ari ng MSME, tagapangasiwa, at mga tauhan o empleyado. Ang Checklist na ito ay may 63 na aytem. Sinusukat nito ang antas ng kahandaan ng kumpanya/organisasyong makabuo ng sapat na plan sa pagpapatuloy ng negosyo. Titiyakin ng instrumento sa pagtatasang ito kung mayroon o walang pamamaraan, protocol, at pinagkukunang-yaman. Ang mga aytem na namarkahang mayroon (oo) ay makatatanggap ng 2 puntos, habang ang mga aytem na namarkahang wala (hindi) ay hindi bibigyan ng puntos. Pagkatapos sagutan, sumahin ang mga nakuhang puntos.

| | |
|---|---|
| **Oo** | 1 |
| **Hindi** | 0 |

Basahin ang bawat aytem at markahan ng ✓ ang angkop na kahong tumutukoy kung mayroon (oo) o walang (hindi) pamamaraan, protokol, at mapagkukunang-yaman. Dagdag pa rito, ilagay ang puntos ng bawat aytem sa huling hanay (tignan ang sumusunod na halimbawa). Pagkatapos, sumahin ang mga puntos. Ang talaan ng paggrado at talaan ng paliwanag ay nakalahad sa dulo ng checklist para iyong mas maintindihan ang iyong grado.

**Halimbawa:**

| Aytem | Oo | Hindi | Puntos |
|---|---|---|---|
| **Mga Nakasanayan (Conventions)** | | | |
| 1. Kayo ba ay may protokol na magsisigurong hindi maipapasa ang virus sa loob ng inyong lugar ng negosyo/establisyimento? | ✓ | | 1 |
| 2. Kayo ba ay may protokol na magsisigurong ang inyong kumpanya o negosyo ay makababangon pagkatapos ang bagyo? | | ✓ | 0 |

| Aytem | Oo | Hindi | Puntos |
|---|---|---|---|
| **Mga Nakasanayan (Conventions)** | | | |
| 1. Kayo ba ay may protokol na magsisigurong hindi maipapasa ang virus sa loob ng inyong lugar ng negosyo/establisyimento? | | | |
| 2. Kayo ba ay may protokol na magsisigurong ang inyong kumpanya o negosyo ay makababangon pagkatapos ang bagyo? | | | |
| 3. Kayo ba ay may protokol na magsisigurong ang inyong kumpanya o negosyo ay makababangon pagkatapos ang pagbaha? | | | |
| 4. Kayo ba ay may protokol na magsisigurong ang inyong kumpanya o negosyo ay makababangon pagkatapos ang paglindol? | | | |
| 5. Kayo ba ay may protokol na magsisigurong ang inyong kumpanya o negosyo ay makababangon pagkatapos ang sunog? | | | |
| 6. Kayo ba ay may protokol na magsisigurong ang inyong kumpanya o negosyo ay makababangon pagkatapos ang pandemya/endemiko/epidemya? | | | |
| 7. Kayo ba ay may protokol na magsisigurong ang inyong kumpanya o negosyo ay makababangon pagkatapos ang pagsabog ng bulkan? (Kung sa iyong tingin ay hindi ito naaangkop, iwanang blangko ito.) | | | |
| 8. Ang inyo bang lokal na pamahalaan ay may framework o gabay sa pagpapatuloy ng negosyo (business continuity framework or guide)? | | | |
| 9. Kayo ba ay may proseso nang nakalatag na magpapadaloy ng pagbalik sa trabaho sa oras na ang kumpanya/negosyo ay nakabangon na mula sa sakuna/pandemya? | | | |
| 10. Kayo ba ay nagsasagawa ng Pagsusuri ng Epekto sa Negosyo (Business Impact Analysis)? | | | |
| 11. Itinuturing mo bang kapaki-pakinabang ang BCP sa inyong kumpanya o negosyo? | | | |
| 12. Alam mo ba ang bumubuo sa isang BCP? | | | |
| 13. Ang inyo bang kumpanya ay may sariling pagpapakahulugan at/o pagbibigkas sa konsepto ng pagpapatuloy ng negosyo (business continuity)? | | | |

| Aytem | Oo | Hindi | Puntos |
|---|---|---|---|
| 14. Kayo ba ay may sapat na kasanayan para magsagawa ng qualitative at quantitative na pananaliksik sa pagsusuri ng epekto sa negosyo (business impact analysis) at pagtatasa ng kinakaharap na panganib (risk assessment)? | | | |
| 15. Kayo ba ay may sistema sa pagligtas ng mga mahahalagang dokumentong pangnegosyo kung may dumating na sakuna? | | | |
| **Mga Kalagayan (Conditions)** | | | |
| 16. Kayo ba ay may mapagkukuhanan ng mga datos kaugnay sa iba't ibang kahinaan (vulnerabilities) at bantang panganib (hazards) sa inyong lugar? | | | |
| 17. Kayo ba ay may listahan ng mga posibleng sakuna at bantang panganib sa inyong negosyo? | | | |
| 18. Kayo ba ay may listahan ng mga kritikal na aspeto ng operasyon na dapat magpatuloy or maibalik batay sa priyoridad? | | | |
| 19. Kayo ba ay nagsasagawa ng mga pagtatasa/pag-aaral ng mga epekto ng sakuna sa inyong negosyo? | | | |
| 20. Kayo ba ay nagsasagawa ng mga pagtatasa/pag-aaral ng mga kinakaharap na panganib (risks) bunga ng mga sakuna o pandemya? | | | |
| 21. Alam ba ninyo ang mga posibleng kinakaharap na panganib na maaaring makaapekto sa inyong negosyo bilang bunga ng pandemya o sakuna? | | | |
| 22. Kayo ba ay nagsasagawa ng mga pagsusuri ng gusali, lugar ng produksyon, o establisyimento para sa mga posibleng pinsala bunga ng isang sakuna? | | | |
| **Mga Mamimili (Customers)** | | | |
| 23. Kayo ba ay may pinapanatiling direktoryo ng inyong mga tapat na mamimili o suki? | | | |
| 24. Kayo ba ay may mekanismo o patakaran na magsisigurong ang inyong mga mamimili ay protektado kapag may sakunang maganap habang oras ng pagnenegosyo? | | | |

| Aytem | Oo | Hindi | Puntos |
|---|---|---|---|
| **Mga Manggagawa (Crews)** | | | |
| 25. Kayo ba ay mayroong naatasang tauhang responsable sa kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho? | | | |
| 26. Kayo ba ay mayroong naatasang tauhang may kakayahang magsilbing tagapangasiwa ng sakuna/ pandemya? | | | |
| 27. Kayo ba ay mayroong mga mga telephone number o listahan ng mga tirahan (o isang communication tree) na may impormasyon tungkol sa numero ng mga empleyado at kanilang mga kapamilya, kung sakaling may emergency? | | | |
| 28. Kayo ba ay mayroong sistemang magsisigurong kayo ay may sapat na yamang-tao (human resource) na maaaring humalili na may kapantay na antas ng kakayahan, sakaling may pagliban bilang bunga ng pandemya/sakuna? | | | |
| 29. Kayo ba ay may mga empleyadong may kakayahang magsakatuparan ng mga gawaing nakalatag sa inyong Plano sa Pagpapatuloy ng Negosyo? | | | |
| 30. Pinaguusapan ba ninyo ang BCP kasama ang inyong mga empleyado? | | | |
| 31. Kayo ba ay may mekanismo o patakaran na magsisigurong ang inyong mga manggagawa ay protektado habang may sakunang nangyayari sa oras ng trabaho? | | | |
| 32. Pinadadaan niyo ba sa pagsasanay ang inyong mga empleyado at manggagawa sa nilalaman ng inyong BCP? | | | |
| 33. Kayo ba ay may plano para sa pagliban dulot ng sakuna at pagpapautang pansweldo at pang-emergency? | | | |
| **Mga Gastos (Costs)** | | | |
| 34. Kayo ba ay may insurance para sa inyong negosyo? | | | |
| 35. Kayo ba ay may naimpok o ipon, kung sakaling may emergency? | | | |
| 36. Sa iyong palagay, kayo ba ay makakahiram ng salapi para maipagpatuloy ang inyong negosyo? | | | |
| 37. Sa iyong palagay, kayo ba ay makakakuha ng suporta mula sa pamahalaan (hal. suportang pampinansyal)? | | | |

| Aytem | Oo | Hindi | Puntos |
|---|---|---|---|
| **Chains** | | | |
| 38. Kayo ba ay may alternatibong mapagkukunan o supplier ng raw materials sakaling ang inyong orihinal na mapagkukunan ay hindi na makapagbibigay nito? | | | |
| 39. Kayo ba ay may alternatibong paraan para maghatid ng kalakal sa inyong mga mamimili? | | | |
| 40. Kayo ba ay may mga ari-ariang pantransportasyong magpapahintulot sa inyong maghatid ng mga kalakal at serbisyo? | | | |
| 41. Ang inyo bang suppliers ay may kakayahang maghatid o magdala ng raw materials sa inyo? | | | |
| **Mga Kontrol (Controls)** | | | |
| 42. Kayo ba ay may plano sa pagpapatupad ng trabaho mula sa bahay (work-from-home) kapag hindi posible ang pagpunta sa lugar ng trabaho? | | | |
| 43. Kayo ba ay nagbibigay ng palatandaan (signages) ng pangkaligtasang protokol sa loob at labas ng inyong tindahan/lugar ng negosyo? | | | |
| 44. Kayo ba ay may mekanismo para maghanda ng dagdag na kopya ng mga importanteng dokumentong pangnegosyo na nakatago sa hiwalay na lokasyon? | | | |
| 45. Kayo ba ay may sistemang magsisigurong ang inyong mga kliyente/mamimili ay hindi pipiliing mag-imbak (hoarding)? | | | |
| 46. Kayo ba ay may protokol para sa pagtugon sa mga aksidente o kaguluhang maaaring maganap sa inyong lugar ng negosyo? | | | |
| 47. Ang inyo bang mga empleyado ay may mga HMO (Health Maintenance Organizations)? | | | |
| 48. Ang inyo bang kumpanya ay may paraang makapagpabakuna, o kaya ba nitong mapadali ang pagpapabakuna, o may kakayahan ba itong bumili ng bakuna para sa mga empleyado? | | | |
| **Pakikipagtulungan (Collaborations)** | | | |
| 49. Kayo ba ay bahagi ng kahit anong samahan o asosasyon ng mga negosyo (hal. chamber, MSME organizations)? | | | |
| 50. Ang inyo bang mga kasosyo o suppliers sa negosyo ay may sariling plano sa pagpapatuloy ng negosyo (business continuity plan)? | | | |

| Aytem | Oo | Hindi | Puntos |
|---|---|---|---|
| 51. Kayo ba ay nakikipagusap sa inyong mga karatig na establisyimento para sila'y kumbinsihin na kailangan din nila ng mga panukala at hakbang para tumugon o makaiwas sa sakuna? | | | |
| **Kakayahan (Capacity)** | | | |
| 52. Kayo ba ay may nakaimpok (stockpile) na suplay pangmedikal, medical and hygiene kits, gamit panlinis at iba pang kagamitang magsisiguro ng kaligtasan sa lugar ng trabaho? | | | |
| 53. Ang inyo bang negosyo ay may sariling generator set? | | | |
| 54. Kayo ba ay may sistema at pagsasaayos na makapagpapahintulot sa inyong iantala ang pagbabayad o magsaayos ng makatwirang tuntunin sa inyong mga supplier, may-ari ng lupa (para sa mga nagrerenta), at utility companies? | | | |
| 55. Kayo ba ay may sistema o pagsasaayos na makapagpapahintulot sa inyong iantala ang pagbabayad o magsaayos ng makatwirang tuntunin sa inyong mga kliyente o mamimili? | | | |
| 56. Kayo ba ay nagtatabi ng mga record tungkol sa financial performance bago, habang, at pagkatapos maapektuhan ng sakuna ang inyong negosyo? | | | |
| 57. Sinusuri ba ninyo ang inyong BCP batay sa paggana nito? | | | |
| 58. Tinatala ba ninyo ang mga epekto ng nakaraang mga sakuna sa inyong negosyo? | | | |
| 59. Kayo ba ay regular na nagsasagawa ng mga pagsasanay ukol sa emergency (emergency drills) (hal. dalawang beses sa isang taon)? | | | |
| **Pagangkop (Coping)** | | | |
| 60. Kayo ba ay may mga alternatibong lugar o satellite sites na kasalukuyang ginagamit para sa iyong negosyo? | | | |
| 61. Kayo ba ay may potensyal na lugar na maaaring gamitin sakaling ang inyong kasalukuyang lokasyon ay pansamantalang di magagamit bunga ng pandemya/sakuna? | | | |
| 62. Sa inyong palagay, kaya bang ilipat sa online ang mga operasyon ng inyong negosyo sakaling ang harapang pakikipag-ugnayan ay hindi pinapayagan (kinakailangan ang social distancing)? | | | |
| **Intero nga bilang** | | | |

## Paggrado

| Puntos | Antas | Kahulugan |
|---|---|---|
| **1-22** | Nagsisimula | Karamihan sa mga pamamaraan, protokol, at mapagkukunang-yaman ay wala pa at ang kumpanya/organisasyon ay kinakailangang dagdagan ang kaalaman at kasanayan para matukoy ang mahahalagang sangkap sa plano sa pagpapatuloy ng negosyo. Kailangang isaalang-alang ng kumpanya ang pinakamataas na pamantayan ng isang plano sa pagpapatuloy ng negosyo na nakalatag sa Checklist. Kailangang ilathala ng kumpanya/organisasyon ang lahat ng ito sa isang plano. |
| **23-48** | Bumubuo | Mayroon nang ilang mga pamamaraan, protokol, mapagkukunang-yaman, kaalaman, at kasanayan ang kumpanya/organisasyon na kinakailangan para magpatuloy ang negosyo pagkatapos ang isang sakuna. Dapat pang mas pagbutihin ng kumpanya ang kanilang mga protokol at pamamaraan at maglaan pa ng yaman para masigurong sapat ang mga ito para maipagpatuloy ang negosyo pagkatapos ang isang sakuna. Kailangang ilathala ng kumpanya/organisasyon ang lahat nang ito sa isang plano. |
| **49 pataas** | Mahusay | Karamihan sa mga pamamaraan, protokol, mapagkukunang-yaman, kaalaman, at kasanayan na kinakailangan upang maaaring magpatuloy ang mga gawain ng negosyo matapos ang sakuna ay nakalatag na sa kumpanya/organisasyon. Ang kailangang gawin ng kumpanya ay ang ilathala ang mga ito sa isang plano sa pagpapatuloy ng negosyo. |

## PANGKABUUANG PAGTATASA

- Kung ang inyong kabuuang grado ay nasa gitna ng 1 at 48 (nagsisimula hanggang sa bumubuo), dapat isaalang-alang ng inyong kumpanya ang mga kinakailangang ayusin, mga mapagkukunang-yaman, kakayahan, protokol, at mga pamamaraan para maitaas ang kahandaan sa pangangasiwa ng sakuna at para kayo ay makabuo ng isang maaayos na plano sa pagpapatuloy ng negosyo. Kayo ay lubos na hinihikayat na dumalo sa pagsasanay tungkol sa BCP.
- Kung ang inyong grado ay higit pa sa 48, kayo ay mayroon na ng mga kinakailangan pagsasaayos, mga mapagkukunang-yaman, kakayahan, protokol, at mga pamamaraan. Ang bawat sagot na “hindi” ay nangangahulugang kulang pa ang elementong ito at kinakailangang isaalang-alang kapag binuo ang inyong plano sa pagpapatuloy ng negosyo. Hindi alintana sa inyong grado, maaari ninyong sagutan ang Checklist sa Pagtatasa ng Kakayahan at Kahandaan sa Pagpapatuloy ng Negosyo (para sa mga MSME na wala pang BCP) ng PDRF para kayo ay magabayan sa pagbuo ng inyong BCP.

# PANGHULING SALITA

Sa pagsisikap na itaguyod ang kakayahang umangkop at makabangon mula sa sakuna (disaster resilience) ng mga pamayanan at mga negosyo, ang Philippine Disaster Resilience Foundation (PDRF), kasama ng mga partner organizations nito, ay nagsagawa ng pag-aaral para tasahin ang kakayahan at kahandaan ng mga MSME sa pagbubuo ng isang Plano sa Pagpapatuloy ng Negosyo (Business Continuity Plan o BCP). Napagalaman ng pag-aaral na maraming mga MSME ang wala pang BCP. Para matugunan ito, ang instrumentong ito ay dinisensyo para magkaroon ng kamalayan ang MSME tungkol sa kanilang kahandaang bumuo ng sarili nilang mga BCP o para matulungan ang mga mayroon nang BCP na mapabuti pa ang kanilang mga plano.

Partikular, ang instrumentong ito ay dinisenyo upang mas maging maalam ang mga MSME sa mga mapagkukunang-yaman (imprastraktural, pantao, at pisikal), proseso, at kaayusang pang-organisasyon na dapat ay maisakatuparan para mas maging handa at masigurong ang negosyo ay agarang makakabalik sa mga gawain pagkatapos ang isang sakuna. Partikular, hangad ng instrumentong ito ang magsilbing gabay sa mga MSME na makapagbuo ng kanilang plano sa pagpapatuloy ng negosyo.

Ang mga MSME na may mga gradong nagpapahiwatig na sila ay hindi pa handa sa pagbuo ng BCP ay dapat tumugon sa mga kakulangan sa tuntunin ng paglalagay ng mga proseso at pagsasaayos at paglalaan ng yaman (pisikal, pantao, imprastruktural) upang mapabuti ang kahandaan at kakayahang umangkop at bumangon mula sa sakuna. Nawa ay makapagbigay-alam ang instrumentong ito sa mga kinakailangang mga elemento para makabuo ng isang mas mabuting plano sa pagpapatuloy ng negosyo!

**Kung nangangailangan ng tulong, maaaring makipagugnayan sa:**

**Philippine Disaster Resilience Foundation (PDRF)**
2nd Floor, Employee Service Building,
Meralco Compound, Ortigas Avenue,
Pasig City, 1600 Philippines
+63 (2) 88442700
Email: pdrfcentral@pdrf.org.ph

**Department of Trade and Industry**
Trade & Industry Building
361 Sen. Gil J. Puyat Ave.,
1200 Makati City, Philippines
Trunk Line: (632) 7791.3100 | (632) 7751.0384
Email: ask@dti.gov.ph

## MAKATUTULONG NA LINKS

**Sikap**
https://sikap.com.ph
SIKAP is a resilience hub for MSMEs, who were greatly impacted by the pandemic. MSMEs can access information on the latest business continuity and recovery tips, reference materials and other toolkits, and training opportunities and e-learning sessions provided by government agencies and private organizations

**Guidance on Emergency Response Planning**
https://www.pdrf.org/wp-content/uploads/2021/04/2021-06_Emergency_Response_Planning_Guide.pdf

**PDRF's iADAPT**
https://iadapt.pdrf.org/
iADAPT is PDRF's eLearning solution that aims to equip Filipinos with the right set of tools, skills, and resources they need to be confidently ready to face any type of disaster.

**Sample-Business-Continuity-Plan-Template**
https://iadapt.pdrf.org/resources/msme-guide-to-disaster-resilience/

**Katatagan In A Box App**

GET IT ON Google Play

Download on the App Store

**Payong App**

GET IT ON Google Play

Download on the App Store

PHILIPPINE DISASTER RESILIENCE FOUNDATION

CENTER FOR DISASTER PREPAREDNESS FOUNDATION, INC.